FOODWARE AWARE

REUSE. CHOOSE. REFUSE.

Gabay sa Publiko sa Ordinansa sa Foodware

Ipinapatupad ng County ng San Mateo at maraming lokal na lungsod sa loob ng county ang Ordinansa sa Disposable na Food Service Ware (Disposable Food Service Ware Ordinance) para mabawasan ang mga single-use na plastic at iba pang basura sa foodware, mapahusay ang kalusugan at kaligtasan ng mga miyembro ng ating komunidad, at mapanatiling malinis at ligtas ang mga daluyan ng ating tubig.

Posible kang makakita ng mga pagbabago sa foodware at operation sa iyong mga paboritong restaurant dahil sa bagong batas na ito. Gamitin ang gabay na ito para maunawaan ang mga pagbabago at malaman kung paano magiging bahagi ng mahalagang pagsisikap na ito!

GUMAMIT NG MGA REUSABLE!

Hinihikayat ang mga pasilidad sa pagkain na gumamit ng mga reusable sa halip ng mga disposable na foodware.

Mga pagkilos na magagawa MO:

- Dalhin at gamitin ang iyong mga sariling reusable (utensil, straw, to-go mug, leftover container, atbp.) sa halip ng mga single-use na disposable kapag bumibisita sa mga coffee shop, restaurant, food festival, at iba pang pasilidad ng pagkain, na gumamit ng disposable na foodware.
- Makipag-usap o magpadala ng liham sa iyong mga paboritong negosyo sa pagkain para hikayatin sila na gumamit ng mga reusable.

PILIIN ANG FIBER-BASED!

Inaatasan ang mga pasilidad ng pagkain na gumamit ng natural na fiber-based at compostable na materyal (hal., paper, sugarcane, bamboo, atbp.).

Mga pagkilos na magagawa MO:

- Makipag-usap o magpadala ng liham sa iyong mga paboritong negosyo sa pagkain para hikayatin sila na maging plastic-free at lumipat sa compliant na compostable at fiber-based na foodware, o kaya mas maganda, mga reusable.
- Maayos na mag-sort at mag-dispose ng foodware (alamin ang mga alituntun in ng iyong lokal na hauler/pasilidad sa pag-recycle at pag-compost).

TANGGIHAN ANG PLASTIC!

Hindi pinapahintulutan ang plastic para sa karamihan ng disposable na foodware at dapat humiling ng mga accessory ng foodware.

Mga pagkilos na magagawa MO:

- Tanggihan ang mga single-use na plastic na foodware kapag iniaalok ng mga restaurant at iba pang pasilidad ng pagkain. Sabihin sa kanila na dapat ay gumagamit sila ng plastic-free na foodware para sa karamihan ng mga item.
- Humiling ng mga disposable na accessory tulad ng mga straw, stirrer, napkin, at condiment packet kapag kinakailangan mo lang ang mga ito.
- Kunin lang ang kailangan mo sa mga self-serve na station at dispenser.

FOODWARE AWARE

Mga Madalas Itanong

Bakit pinapalitan ng mga restaurant, cafe, at iba pang negosyo sa pagkain ang kanilang foodware?

Sumusunod kami sa bagong lokal na batas sa foodware na tutulong sa pag-iwas sa polusyon sa plastic at makakabawas hindi kinakailangang basura sa foodware.

Bakit ko kailangang humiling ng mga utensil, straw, at iba pang side item?

Dati, binibigyan ang mga customer ng mga utensil, napkin, condiment packet, at iba pang "accessory" item na hindi nila gusto o kailangan. Ang karamihan ng mga item na ito ay nauuwi sa mga kalsada, beach, at daluyan ng tubig. Kaya, nagiging proactive sila at ganitong mga item lang ang ibinibigay kapag partikular mong hinihiling ang mga ito, bilang consumer.

Bakit hindi naka-bundle nang magkasama ang maliliit na item tulad ng mga utensil at napkin?

Sa pamamagitan ng hindi pag-bundle sa maliliit na item na ito, natitiyak ng mga negosyo sa pagkain na matatanggap mo lang ang mga item na kailangan mo, habang tinitiyak na hindi nasasayang ang mga item na hindi mo kailangan.

Bakit hindi sila gumagamit ng mga compostable plastic?

Dahil ang mga compostable plastic (na tinatawag ding mga bioplastic, PLA) ay mukhang mga tradisyonal na plastic, karaniwang nabubukod ang mga ito sa hindi wastong paraan at naipapadala sa landfill. Kahit pa maipadala ang mga ito sa composting facility, marami sa mga ito ang hindi wastong nadudurog at hindi nagagamit na compost. Tulad ng tradisyonal na plastic, pareho rin ang banta ng mga compostable plastic sa wildlife at sa kalusugan ng kapaligiran dahil hindi nadudurog ang mga ito sa compost sa tubig o sa kalsada (kung magpapakalat-kalat).

Bakit ako nakakakita ng mga detachable na plastic lid sa mga cup ng inumin at food container?

Alinsunod sa kasalukuyang batas, hindi ipinag-aatas na gawa sa natural fiber ang mga detachable na beverage at food container lid. Dahil maraming negosyo sa pagkain ang nagbibigay ng mga grab-and-go na opsyon sa pagkain, kakailanganing transparent ang mga lid (kaya dapat ay plastic) para magawa mo na makita kung ano ang binibili mo. Gayundin, maraming plastic lid ay may mas secure na lock sa food container/cup kumpara sa mga natural fiber na alternatibo.

Mayroon bang mga isyu sa mga allergy at mga fiber-based na item, lalo na sa doon sa mga gawa sa mga wheat stalk?

Wala. Ang mga disposable na foodware na gawa sa wheat ay iniulat na gawa sa stalk o tangkay ng mga wheat plant at hindi sa butil, na nagdudulot ng mga allergic na reaksyon.

Kung mayroon kang mga karagdagang tanong, o kung kailangan mo ng anumang tulong, makipag-ugnayan sa Foodware Aware Team.

www.smcsustainability.org/food-ware
foodware@smcgov.org
(888) 442-2666

OFFICE OF SUSTAINABILITY
COUNTY OF SAN MATEO